

SI HESUS AY DIYOS

Ang Patunay sa Bibliya



<http://jesus-is-god-proof.com/>

Bilang isang walong taong gulang na batang lalaki mula sa Katimugang bahagi ng Philadelphia, ako ay napaibig sa Diyos, ang Ama kong nasa langit.

Hindi ko maunawaan kung bakit si Hesus ay kailangang maging Diyos dahil ang Ama ang siyang Diyos na pawang kailangan ko. Alam kong si Hesus ay ang Anak ng Diyos, ngunit hindi ko inakala na mangangahulugang Siya ay ganap na Diyos.

Pagkalipas ng ilang taon, nabasa ko sa Bibliya na si Hesus at ang Bibliya ay naghahayag ng buong pagka-diyos ni Hesus! Ang natuklasan kong patunay sa Bibliya na si Hesus ay Diyos ay matatagpuan sa Librito na ito. Mabago nawa ng Librito na ito ang buhay mo gaya ng pagkabago sa buhay ko.

Pastor Bob, Patnugot

Bakit Napakahalaga Nito?

"...malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga ang Kristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan" ~ Hesus (Juan 8:24)

Ang buong pagka-diyos ni Hesus ay hindi tinatanggap ng anumang hindi Kristiyanong relihiyon. Pinagdududahan pa nga ito ng ilang mga Kristiyano.

*Ang kaligtasan ng lahat ng tao ay batay sa kung paano sila nauugnay kay Hesus—hindi lamang sa Kaniyang mga aral. **Ang Diyos Ama at si Hesus ay inatasan tayong manalig ng lubos kay Hesus para sa ating kaligtasan at buhay na walang hanggan.** - Juan 3:16, 3:36, Gawa 4:12*

*Kung hinde natin tatanggapin si **Hesus bilang ating Panginoon**, hindi natin magagawang sundin at pagkatiwalaan Siya, at ang Kanyang mga salita.*

*Kaloob ng paghahayag ni Hesus ukol sa Kanyang sarili, **si Hesus ay maaari lamang maging isang sinungaling, baliw, isang diyablo, o ating Diyos!***

Nais ng Panginoong Diyos na magawang ibahagi ng Kanyang mga taga-sunod o alagad ang kanilang pananalig sa Diyos sa ibang tao:

"Ngunit sa inyong mga puso ilaan si Kristo bilang Panginoon. Palaging maging handa na ipahayag ang ating pananampalataya at pag-asa sa iba. Gawin natin ito nang may kapakumbabaan at paggalang sa ating kapwa." - 1 Pedro 3:15

Napakahalagang Isaulit: Ang kaligtasan ng lahat ay nakasalalay kung paano iuugnay ang sarili nila kay Hesus.

Isinugo ng Diyos Ama si Hesus upang **tanging sinuman na manalig kay Hesus ay magtatamasa ng buhay na walang hanggan:**

“Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapapahamak, kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan.” (Juan 3:16)

Isinaad din ni Hesus sa kabanatang ito:

“Ang **sumasampalataya sa Anak** ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang **hindi sumusunod sa Anak** ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.” (Juan 3:36)

Walang pangkaraniwang propeta o guro na maaaring makapag-angkin o makakagawa ng ganitong pahayag. Para sa isang tao, ang pahayag na ito ay kalapastangan sa Diyos. Si Hesus ay hinatulang mamatay sa krus dahil sa mga pahayag na gaya nito. (Marcos 14:61-65)

Inihayag din ni Hesus na tanging pananampalataya lamang sa Kaniya ang nag-iisang landas sa Ama:

“Ako ang daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Walang sinumang makakapunta sa Ama kundi **sa pamamagitan ko.**” (Juan 14:6)

Patungkol kay Hesus, isinulat ni Apostol na Lucas:

“Tanging sa pamamagitan lamang ni Hesus makakamit ang kaligtasan. Sapagkat sa silong ng langit, ang Kaniyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao.” (Gawa 4:12)

Kung hindi natin tatanggapin si Hesus bilang Panginoon, hindi natin magagawang sundin at pagkatiwalaan Siya at ang Kanyang salita.

“...upang maparangalan ng lahat ang Anak, tulad ng kanilang pagpaparangal sa Ama. **Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Ama na nagsugo sa Anak.**” (Juan 5:23)

Ang Patunay sa Bibliya



Kapag ang lahat ay nailahad at natupad, ang Biblikal na katibayan ng pagka-Diyos ni Hesus ay lubos na katangi-tangi!

Sa katunayan, ang pagka-diyos ni Hesus ay maaaring mapaliwanagan ayon sa Bibliya, sa pamamagitan ng unang punto na ito:

Tinanggap ni Hesus ang pagsamba ng mga Hudyo sa lupa at ng mga anghel sa langit.

Ang mga katibayang Biblikal ayon sa kategorya ay ang mga sumusunod:

1. Si Hesus ay Tumanagap ng Pagsamba mula sa Sangkatauhan.
2. Sa langit, si Hesus ay Sinasamba ng mga Anghel at mga Matatanda.
3. Angkin ni Hesus ang mga Katangian, Tungkulin, at Titulo ng Diyos Ama.
4. Si Hesus ay Tinaguriang Diyos sa Bibliya
5. Si Hesus, ay Nagsalita na Parang Siya ang Diyos.

Ang Pagsamba ng Sinuman Bukod sa Diyos ay Mali

Ayon sa Bibliya, **ang Panginoong Diyos lamang ang karapat-dapat na sambahin ng sinuman sa lupa o sa langit.** Ang una sa Sampung Kautusan ng Diyos ay nagbabawal ng pagsamba sa di tunay na diyos. Nilipol ng Diyos ang mga bansa kabilang na ang kanyang minamahal na Israel dahil sa pagsamba nito sa mga diyus-diyusan.

“Nang ang Apostol na si Pedro ay pumasok sa tirahan ni Cornelius upang silay magkita. Napaluhod si **Cornelius at siya’y sinamba.** Subalit itinayo siya ni Pedro at sinabing, “Tumayo ka, ako’y tao ring tulad ninyo.” (Gawa 10:25-26).

“Nang ang Apostol na si Juan ay mapuspos sa mga rebelasyon na kanyang nakita buhat sa langit sa tulong ng mga anghel na siyang pumapatnubay, kanyang isinulat:

Ako’y nagpatirapa sa paanan ng anghel na nagpamalas ng mga bagay na ito. Ngunit sinabi niya sa akin: **Huwag mong gawin ito.** Magkahalintulad tayong nagsisilbi sa Panginoong Diyos, gaya ng mga kapwa nating kapanalig.” (Pahayag 22:8-9)

Inulit muli ni Juan sa Pahayag 19:10 na inilalarawan dito ang pagsaway ng anghel kay Apostol Juan at kanyang iniulit na:

“Tanging Diyos lamang ang sambahin!”

Gayunpaman, habang nasa lupa at nasa langit, tinatanggap ni Hesus ang pagsamba ng mga tao at ng mga anghel.

Samakatuwid, si Hesus kundi man Siya’y Diyos, isa siyang masamang nilalang sa mata ng Poong May-kapal.

Tingnan natin ang mga Katibayan buhat sa Bibliya:

Si Hesus ay Tumanggap ng Pagsamba mula sa Sangkatauhan

Sa pamamagitan ng Kaniyang mga Apostol:

*“Ang mga nasa bangka ay nagsisamba sa Kaniya, na nangagsasabi, **Tunay na ikaw ay Anak ng Diyos!**” - Mateo 14:33*

“At narito, sila’y sinalubong ni Hesus...at sila’y nagsilapit at niyakap ang Kaniyang mga paa, at Siya’y sinamba.” -Mateo 28:9

*“At nang Siya’y kanilang makita, ay **kanilang sinamba Siya...**” - Mateo. 28:17*

*Ang kaniyang mga alagad; “**At Siya’y sinamba** nila, at nagsibalik sila sa Jerusalem...” -Lucas 24:52*

*Tinawag Siyang Diyos ni Tomas: “ At sinabi niya kay Tomas... ‘Huwag ka nang mag-alinlangan pa, sa halip ay maniwala ka’. Sumagot si Tomas: **Panginoon ko at Diyos ko!**’(Juan 20:27-29)*

Pakatandaan, na sila rin mismo ang mga kasa-kasama ni Hesus sa loob ng tatlong taon at nakita Siyang namatay. **Kung pangkaraniwang tao lamang si Hesus, malalaman din nila ito!**

Sa pamamagitan ng isang taong napagaling: “Sinabi niya: Panginoon, sumasampalataya ako. At Siya’y sinamba niya.” (Juan 9:38)

Ang isang mabuting Hudyo ay hindi pahihintulutan ang sinumang mag-nais na sambahin Siya. Maaring siya ay batuhin hanggang mamatay dahil sa *paglapastangan niya sa Diyos*—ang pag-aakong siya ay Diyos

Sa pamamagitan ng mga paganong dalubhasa sa agham:

Ang tatlong haring mago nang makita ang Kanyang bituin ay naglakbay ng malayo upang Siya’y sambahin. -Mateo. 2:2

“At nang makita nila Siya, silay’y nagpatirapa sa Kanyang harapan at sinamba Siya”. - Mateo. 2:11

Kung si Hesus ay di tunay na Diyos at pinahihintulutan Niyang sambahin Siya ng mga tao, maaaring Siya’y isang sinungaling, hangal, o diyablo ng impierno – o lahat ng mga nabanggit!

Si Hesus ay Sinasamba ng mga Anghel at mga Matatanda sa Langit!

Tungkol sa muling pagbabalik ni Hesus, inihahayag ng Hebreo 1:6:

"Gayundin, nang dalhin niya ang kaniyang dakilang Anak sa sanlibutan, sinabi niya: "AT HAYAAN SIYANG SAMBAHIN NG LAHAT NG ANGHEL NG DIYOS."

“Tumingin akong muli at narinig **ko ang tinig ng milyun-milyon at libu-libong anghel**. Sila’y nakapaligid sa trono, sa apat na buhay na nilalang at sa mga pinuno. Umawit sila ng malakas, ang Korderong pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, parangal, papuri, at paggalang.” (Pahayag 5:11-12)

“At narinig kong umaawit ang mga nilikhang nasa langit, nasa ilalim ng lupa at nasa dagat, lahat ng mga naroon: ibinigay sa nakaupo sa trono at sa Kordero, ang papuri at karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan magpakailanman! At sumagot ang apat na nilalang na buhay: “Amen!” At nagpatirapa ang mga pinuno at nagsisamba.” (Pahayag 5:13-14)

Mapapansin na walang kaibahan ng pagsamba sa pagitan ng kung anong naihandog sa Diyos Ama at kay Hesus na ating Kordero. **Ang Diyos na hindi nilikha (Diyos Ama at Anak na si Hesus) ay sinasamba ng mga bagay na Kanyang nilikha**

“Bawat taong sinasapian ng masamang espiritu na makakita sa Kaniya ay nagpapatirapa sa harapan Niya at sumisigaw, **‘Ikaw ang Anak ng Diyos!’**” (Marcos 3:11)

Sa Bibliya, inilalahad na ang mga demonyo ay hindi kailanman basta-basta mapapatumba ng kahit sinong tao na may kakayahan namang magpalayas ng masamang espiritu.

“Biglang nagsisigaw ang dalawang lalaki, “Ano ang pakialam mo sa amin, Anak ng Diyos? Naparito ka ba upang pahirapan kami kahit hindi pa panahon?” (Mateo 8:29)

Sino ba maliban sa Diyos ang may kakayahang maggawad ng parusa at magpahirap sa mga demonyo sa wakas ng panahon?

Si Hesus ay Tunay na Tinaguriang Diyos sa Biblia

“Nang pasimula ay naroon na ang Salita; ang Salita ay kasama ng Diyos, at **ang Salita ay Diyos.**” (Juan 1:1)

“**Naging tao ang Salita at Siya’y** nanirahan sa piling natin...” (Juan 1:14)

“...Si Kristo Hesus, kahit Siya’y likas at tunay na Diyos, hindi Niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos.” (Mga Taga-Filipos 2:5-7)

“**Kay Kristo, ang buong pagka-Diyos ay nanahan sa Kaniyang katawan.**” (Mga Taga-Colosas 2:9)

Muli, tungkol kay Hesus kaugnay sa Kaniyang Ama, inihayag ng aklat ng mga Hebreo sa talatang 1:3:

“Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, Kung ano ang Diyos ay gayundin ang anak. **Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng Kaniyang makapangyarihan na salita.**”

“Tungkol naman sa mga anghel ay sinabi Niya (DiyosAma): ‘GINAWA NIYANG HANGIN ANG KANYANG MGA ANGHEL AT NINGAS NG APOY ANG KANYANG MGA LINGKOD.’ **Ngunit ang tungkol sa Anak ay sinabi Niyang: ‘ANG IYONG TRONO, O DIYOS AY MAGPAKAILANMAN PA MAN.’**” (Hebreo 1:7-8)

“Sapagkat isinilang ang isang sanggol na lalaki para sa atin...At Siya ay tatawaging ...**Makapangyarihang Diyos**, Walang hanggang Ama, Prinsepe ng Kapayapaan.” (Aklat ni Isaias 9:6)

“Isang dalaga ay maglilihi, at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at tatawagin itong Emmanuel. Ang kahulugan nito’y **“Kasama Natin ang Diyos.”**” (Mateo 1:23)

Angkin ni Hesus ang mga Katangian, Tungkulin at Titulo ng Diyos Ama

Nilikha ni Hesus ang lahat ng mga bagay para sa kaniya:

“Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga naghahari at namamahala, mga namumuno at may kapangyahirang espirituwal ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan Niya at para sa Kanya.” (Mga Taga-Colosas 1:16) *Diyos lamang ang lumikha ng lahat ng mga bagay para sa Kaniya.*

Taglay ni Hesus ang Lahat ng Kapamahalan: “... Ibinigay na sa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa.” (Mateo. 28:18)

Si Hesus ay Nagpapatawad ng Kasalanan:

“....Sinabi Niya sa isang paralitiko, “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Pinapatawad ka na sa iyong mga kasalanan.” May ilang tagapagturo ng Kautusan na naroon at sinabi nila sa kanilang sarili, “Nilalapastangan niya ang Diyos!” (Mateo 9:1-3) *Diyos lamang ang nagpapatawad ng kasalanan.*

Tinubos ni Hesus ang mga Tao sa kanilang Kasalanan:

Siya ay manganganak ng isang lalaki. Ang ipangangalan mo sa kaniya ay Hesus sapagkat ililigtas niya ang kaniyang mga tao sa kanilang kasalanan. (Mateo 1:21) *Tanging Diyos lamang ang makakagawa nito.*

Nang makita ni Juan si Hesus na papalapit sa kaniya, sinabi niya: **“Narito, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sangkatauhan!”** (Juan 1:29)

“Dahil dito, **lubusan Niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya**, sapagkat Siya’y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila.” (Hebreo 7:25)

Angkin ni Hesus at ng Ama ang Titulo na Alpha at Omega:

“Ako ang Alpha at ang Omega,” sabi ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat; Diyos sa kasalukuyan, sa nakaraan, at siyang darating.” (Pahayag 1:8)

“Makinig kayo, darating na Ako!”...Ako ang Alpha at Omega, ang simula at ang wakas, ang una at ang huli" (Pahayag 22:12-13)

Paparating na ang bukod tanging si Hesus!

Angkin ni Hesus ang mga Katangian, Tungkulin at Titulo ng Diyos Ama

Ang Diyos at si Hesus ay Maghihiganti Laban sa mga Masasama:

“Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos. Sapagakat nasusulat, “AKIN ANG PAGHIHIGANTI, AKO ANG GAGANTI, sabi ng Panginoon.” (Mga Taga-Roma 12:19)

"Ang makatarungang paghuhukom ng Panginoon (2 Mga Taga-Tesalonica 1:5) ay matutupad sa katapusan ng panahon:

“...sa pagbabalik ng Panginoong **Hesus** mula sa langit kasama ang Kanyang mga makapangyarihang anghel; **darating Siya sa gitna ng naglalagablab na apoy at paparusahan ang lahat ng hindi kumilala sa Diyos** at hindi sumunod sa Magandang Balita ng ating Panginoong Hesus.” (2 Mga Taga-Tesalonica 1:7-8) *Kaninong mga anghel???*

Inaangkin ng Diyos at ni Hesus ang Titulo ng Tagapagligtas:

“Ako...ang Panginoon at **walang Tagapagligtas maliban sa Akin.**” (Isaias 43:11)

"Mula kay Pablo na apostol ni Kristo Hesus ayon sa utos ng Diyos {Ama} na ating Tagapagligtas, at si Kristo Hesus na ating pag-asa..." (1 Timoteo 1:1)

“ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo” (2 Pedro 1:11)

“...alinsunod sa utos ng **Diyos na ating Tagapagligtas** ...Sumaiyo nawa ang pagpapala at kapayapaang mula sa **Diyos Ama at mula sa ating Tagapagligtas na si Kristo Hesus.**” (Tito 1:3-4)

Mapapansin na sa dalawang magkasunod na mga bersikulo (Tito 1: 3-4), **ang Diyos Ama ay tinawag na Tagapagligtas at si Jesus ay tinawag din na Tagapagligtas.**

Labingtatlong beses na tinaguriang ‘Tagapagligtas’ ang Diyos Ama sa Lumang Tipan. Dalawampu’t apat na beses na parehong tinawag na ‘Tagapagligtas’ ang Diyos Ama at Kristo Hesus sa Bagong Tipan. Minsan ang Diyos Ama ay tinatawag na Tagapagligtas at sa iba namang pagkakataon, si Hesus ay tinatawag din na Tagapagligtas.

Si Hesus ay Nagsalita na Parang Siya ang Diyos

Inangkin ni Hesus ang pagiging-isa Niya sa Amang Diyos:

“**Ako at ang Ama ay iisa.**” Para sa mga Hudyo ang sinabi ni Hesus ay tiyakang pag-angkin na Siya ay Diyos. “Hindi dahil sa mabuting gawa kaya ka naming babatuhin, kundi dahil sa paglapastangan mo sa Diyos. **Sapagkat nagpapanggap kang Diyos, gayong tao ka lamang.**” (Juan 10:30-33)

“Tinangkang patayin ng mga Hudyo si Hesus sa dahilang pag-angkin Niya na ang Panginoong Diyos ay Kaniyang Ama, na Siya’y nakikipantay sa Diyos ” (Juan 5:17-18)

Inaangkin ni Hesus ang Banal na Pangalan ng Diyos:

“Sinasabi Ko sa inyo, bago pa ipinanganak si Abrahan, ‘**Ako’y Ako na!** Muling kumuha ng mga bato ang mga Hudyo at tinangkang batuhin si Hesus...” (Juan 8:58-59)

Ang pahayag ni Hesus ng Kanyang pagkakakilanlan bilang “Ako nga” ay sagrado at tuwirang paggamit ng pangalan ng Diyos sa talatang Exodo 3:14. Batid ng mga Hudyo ang pangaral na ito at sinumang lumapastangan ay maaaring batuhin.

Sinabi ni Hesus na ang Pananampalataya sa Kaniya ay magbibigay ng Buhay na Walang Hanggan:

“Binibigyan ko sila ng buhay na walng hanggan, at kailanman’y di sila mapapahamak...” (Juan 10:28)

“Ang lahat ng nananalig sa Akin, ay hindi mamamatay kailanman.” (Juan 11:26)

“Manampalataya kayo sa Diyos, manampalataya rin kayo sa akin.” (Juan 14:1)

Itinuro ni Hesus na “...**lahat dapat parangalan ang Anak na si Kristo Hesus, gaya ng pagpaparangal nila sa Amang Diyos.**” (Juan 5:23)

“Kanyang [Ang Espiritu Santo]...patutunayan sa mga taga-sanlibutan... **sapagkat hindi sila nananalig sa Akin...**” (Juan 16:8-9)

“... kung hindi kayo sumampalataya na AKO nga iyon, mamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.” (Juan 8:24)

“AKO ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko” (Juan 14:6-7)

Propeta, Mahusay na Mangangaral o Arkanghel?

Ang ilang mga tao na hinde tinatanggap na Panginoon si Hesus ay madalas na sabihing si Hesus ay isa lamang propeta, mahusay na mangangaral, o marahil isang dakilang arkanghel.

Si Hesus ay maaaring hindi maging isa sa mga nabanggit, ayun sa may-akda at guro ng Cambridge University na si Dr. C.S. Lewis sa kaniyang aklat na “Mere Christianity”:

“Ang isang pangkaraniwan lamang na tao na nag-aangkin na gaya ng mga ipinahayag ni Hesus ay hindi kailanman maaaring maging Dakilang guro. Maaaring nasisiraan Siya ng bait... kundi man Siya’y isang diyablo ng impiyerno.”

- Papaanong magiging isang marangal at mabuting guro si Hesus o propeta ng Panginoong Diyos kung sadya Niyang pinasinungalingan ang Kanyang pagkakakilanlan?
- Paano Siya maaaring maging isang banal na tao o banal na arkanghel at pahintulutan ang sangkatauhan na sambahin Siya sa langit at sa lupa?
- Paano kaya ipamamalita ng isang anghel o taong maka-Diyos na dapat silang maniwala at sumampalataya sa Panginoong Diyos at Hesus—para sa kaligtasan?
- Paano makakapangako ang isang tao o anghel na SIYA mismo—hindi ang Panginoon—ang makakapagbigay ng buhay na walang hanggan?
- Paano maaangkin ng sinumang tao na maka-Diyos o banal na anghel ang mga titulo, katangian at tungkulin ng Diyos?

Ang lahat ay kinakailangang pumili hinggil sa kung sino si Hesus.

Si Hesus ay maaaring isang sinungaling, baliw, diyablo...o ating Panginoon!

Sa kabuuang lahat na ito, sino si Hesus para sa iyo?

Kung pag-iisipang mabuti... ang iyong kaligtasan, at pag-asang makamit ang buhay na walang hanggan ay nakasalalay sa bawat desisyon mo sa buhay (Juan 3:16; 3:36; Gawa 4:12)